

OAS sa 65 o 70: ano ang naidaragdag ng pagpapaliban at ano ang maaaring kapalit nito

Tumataas ang Old Age Security (OAS) nang 0.6% para sa bawat buwang ipinagpaliban ito pagkalipas ng 65, hanggang 36% sa 70, at tumataas pa ito nang 10% sa 75, nagpaliban man o hindi. Walang Guaranteed Income Supplement na ibinabayad habang ipinagpapaliban ang OAS, at hindi rin lumalaki ang supplement dahil sa paghihintay. Naiiwasan lamang ng pagpapaliban ang recovery tax sa mga taon na walang ibinabayad na OAS.

Huling sinuri: 2026-10-06. Basahin online: <https://oasguide.ca/tl/library/oas-at-65-or-70>

Sinisimulan ng enrolment letter ang OAS sa 65 maliban kung kumilos ang tao

Sa paligid ng kanilang ika-64 na kaarawan, maraming tao ang nakatatanggap ng sulat mula sa Service Canada na nagsasabing awtomatiko silang na-enrol sa Old Age Security (OAS) at hindi na kailangang mag-apply.¹ Ang OAS ay buwanang pederal na pensiyon na ibinabayad mula edad 65 sa mga taong nakatutugon sa mga patakaran nito sa paninirahan. Ibig sabihin ng sulat, magsisimula ang mga bayad sa 65 kung walang ibang mangyayari. Hinihingi ng Old Age Security Act na magbigay ang gobyerno ng nakasulat na abiso bago nito i-waive ang aplikasyon. Pinapayagan din nito ang tao na tanggihan ang waiver na iyon sa pamamagitan ng sulat bago siya mag-65.²

Ang taong gustong magsimula nang mas huli ay kailangang magsabi sa Service Canada. May opsyon sa My Service Canada Account na tinatawag na Delay receiving OAS/GIS pension.¹ Idinadagdag ng isang program toolkit na inilathala ng Employment and Social Development Canada na maaaring gawin nang nakasulat ang pagpiling magpaliban hanggang 6 na buwan pagkatapos ng ika-65 na kaarawan.³ Ang taong nagtabi lamang ng sulat at walang ginawa ay pumili nang magsimula

sa 65.

Bawat buwan ng paghihintay ay nagdaragdag ng 0.6%, hanggang 36% sa 70

Itinataas ng Act ang pensiyon nang 0.6% para sa bawat buwan, mula sa buwan pagkatapos maging kwalipikado ang tao hanggang sa buwang naaprubahan ang aplikasyon. Walang dagdag para sa mga buwan pagkalipas ng edad 70.² Ang limang taong paghihintay ay 60 buwan, at ang 60 na pinarami sa 0.6% ay 36%. Mula Oktubre hanggang Disyembre 2026, ang pinakamataas na OAS ay \$762.50 bawat buwan kapag sinimulan sa 65 at \$1,037.00 bawat buwan kapag sinimulan sa 70.⁴⁵

Ito ang mga pinakamataas na halaga. Ang bahagyang pensiyon (partial pension), na batay sa mas kaunti sa 40 taon sa Canada pagkalipas ng edad 18, ay tumatanggap ng parehong porsyento sa mas maliit na base.⁵ Ang mga taon ng paninirahan sa Canada pagkatapos magsimula ang OAS ay hindi nagpapataas sa bayad.⁵ Kaya ang taong nagdaragdag pa ng mga taon ng paninirahan ay maaaring makinabang sa mas huling pagsisimula sa dalawang paraan. Sa ganoong kaso, ikinukumpara ng Act ang mga posibleng halaga at ibinabayad ang pinakamalaki sa mga ito.²

Hiwalay sa pagpapaliban ang 10% na dagdag sa 75

May ikalawang pagtaas na dumarating pagkatapos at hindi kailangang hilingin. Awtomatikong tumataas nang 10% ang OAS pension sa buwan pagkatapos mag-75 ang tao.⁶ Ipinapatupad din ng Act ang pagtaas na ito sa ipinagpalibang pensiyon, bukod pa sa dagdag mula sa pagpapaliban.² Mula Oktubre hanggang Disyembre 2026, ang pinakamataas para sa mga taong edad 75 pataas ay \$838.75 bawat buwan.⁴ Bilang halimbawa lamang, ang pensiyong \$1,037.00 na sinimulan sa 70 ay magiging \$1,140.70 kapag idinagdag ang 10%. Sinasabi ng Service Canada na hindi binabago ng pagtaas sa 75 ang halaga ng Guaranteed Income Supplement.⁶

Ang mga buwan ng pagpapaliban ay mga buwang walang Guaranteed Income Supplement

Ang Guaranteed Income Supplement (GIS) ay buwanang bayad para sa mga taong mababa ang kita na tumatanggap ng OAS. Hindi makakukuha ng GIS ang taong hindi tumatanggap ng OAS pension.⁵ Sinasabi ng toolkit na habang ipinagpapaliban ang OAS, hindi kwalipikado ang tao sa GIS. Sa panahong iyon, hindi rin makakukuha ng Allowance ang kanyang asawa o common-law partner (kinakasama). Ang Allowance ay benepisyo para sa ilang partner na edad 60 hanggang 64.³

Hindi rin nagbibigay ng mas malaking supplement ang paghihintay. Sinasabi ng Service Canada na hindi tumataas ang halaga ng GIS at Allowance kapag ipinagpaliban ang OAS. Sinasabi rin nito na walang pakinabang sa paghihintay para sa mga taong kwalipikado sa GIS.⁵ Mula Oktubre hanggang Disyembre 2026, ang GIS para sa taong walang asawa ay maaaring umabot ng \$1,138.90 bawat buwan, at ang income limit para sa taong walang asawa ay \$23,112.⁴ Para sa taong walang asawa na halos walang ibang kita, ang isang buwang pagpapaliban ay maaaring magsuko ng bayad ng GIS na mas malaki pa kaysa sa buong OAS pension.

Naaalis lamang ng pagpapaliban ang recovery tax sa mga taon na walang OAS

Ang OAS recovery tax, na madalas tawaging clawback, ay para sa mas matataas na kita. Para sa kita sa 2026, nagsisimula ito sa net income na \$95,323, at ang halagang dapat bayaran ay 15% ng kitang lampas sa threshold na iyon.⁷ Sa ilalim ng Income Tax Act, ang buwis ay ang mas maliit sa dalawang halaga: 15% ng kitang lampas sa threshold, o ang OAS na natanggap.⁸ Ang taong hindi pa nagsisimula ng OAS ay walang natatanggap, kaya walang mababawi para sa mga taon na iyon.

Dahil dito, ang taong may mataas na sweldo mula 65 hanggang 69 ay maaaring hindi magbayad ng recovery tax sa mga taon na iyon kung magpapaliban siya. Hindi nawawala ang buwis mismo. Kapag

nagsimula na ang mas malaking pensiyon, ipinapatupad ang parehong 15% na patakaran, at kailangan ng mas mataas na kita para mabawi nang buo ang mas malaking pensiyon.

Mahalaga rin ang timing. Kinakaltas ang recovery tax mula sa bawat buwanang bayad batay sa kita sa mas naunang taon.⁷⁸ Kaya ang pensiyong nagsimula sa 70, kasunod mismo ng isang taon ng mataas na kita, ay maaaring may kaltas na buwis sa mga unang bayad kahit bumaba na ang kita. Ang Form T1213(OAS) ang form ng Canada Revenue Agency para humiling na bawasan ang recovery tax na kinakaltas sa pinagmulan (at source).⁹

Iba ang epekto ng pagpapaliban sa magkabilang dulo ng saklaw ng kita

Para sa taong umaasang tatanggap ng GIS, isinusuko ng pagpapaliban ang mga bayad na hindi na napapalitan pagkatapos, dahil hindi lumalaki ang supplement. Para sa taong ang kita ay nananatiling lampas sa threshold ng recovery tax hanggang 70, ang mga taon na walang OAS ay mga taon ding walang recovery tax. Karamihan ng tao ay nasa pagitan ng dalawang kasong ito. Nakaaapekto rin sa resulta ang kalusugan, ipon, at mga benepisyo ng asawa, at ang pagtimbang na iyon ay nasa bawat tao at sa sarili nilang mga tagapayo.

Bukas ang tanong kung kailan magsisimula hanggang 70, pero hindi naghihintay nang ganoon katagal ang enrolment letter. Limitado ang panahon ng taong gustong magpaliban para sabihin ito pagdating ng sulat, at magsisimula ayon sa iskedyul ang mga bayad sa 65 kung walang kahilingang ginawa.

Mga tala

1. Government of Canada, “Old Age Security: Apply, delay, or change your start date”, page modified 2026-09-09.
<https://www.canada.ca/en/services/benefits/publicpensions/old-age-security/apply.html> (binuksan noong 2026-10-06)
2. Tingnan ang section 5, mula sa subsection 5(4), tungkol sa pag-waive ng aplikasyon, sa nakasulat na abiso, at sa pagtanggì sa waiver, at ang section 7.1 tungkol sa boluntaryong pagpapaliban, kasama ang 7.1(3) tungkol sa pagbabayad ng

pinakamalaking halaga at ang 7.1(5) tungkol sa pagtaas sa 75. Justice Laws Website (Government of Canada), “Old Age Security Act (R.S.C., 1985, c. O-9)”, Act current to 2026-09-21. <https://laws-lois.justice.gc.ca/eng/acts/o-9/page-2.html> (binuksan noong 2026-10-06)

3. Employment and Social Development Canada, “The Old Age Security program toolkit”, page modified 2025-11-07. <https://www.canada.ca/en/employment-social-development/programs/old-age-security/reports/oas-toolkit.html> (binuksan noong 2026-10-06)

4. Government of Canada (Employment and Social Development Canada), “Maximum Benefit Amounts and Related Figures: Canada Pension Plan (2026) and Old Age Security (October to December 2026)”, page modified 2026-09-29. <https://www.canada.ca/en/employment-social-development/programs/pensions/pension/statistics/2026-quarterly-october-december.html> (binuksan noong 2026-10-06)

5. Government of Canada, “Old Age Security: When to start your retirement pension”, page modified 2026-10-02. <https://www.canada.ca/en/services/benefits/publicpensions/old-age-security/when-start.html> (binuksan noong 2026-10-06)

6. Government of Canada, “Old Age Security: How much you could receive”, page modified 2026-09-29. <https://www.canada.ca/en/services/benefits/publicpensions/old-age-security/benefit-amount.html> (binuksan noong 2026-10-06)

7. Government of Canada, “Old Age Security pension recovery tax”, page modified 2026-09-29. <https://www.canada.ca/en/services/benefits/publicpensions/old-age-security/recovery-tax.html> (binuksan noong 2026-10-06)

8. Itinatakda ng subsection 180.2(2) ang buwis bilang ang mas maliit sa OAS na natanggap at sa 15% ng kitang lampas sa threshold. Itinatakda ng subsections 180.2(3) at (4) ang buwanang kaltas gamit ang mas naunang base taxation year. Justice Laws Website (Government of Canada), “Income Tax Act (R.S.C., 1985, c. 1 (5th Supp.)), section 180.2”, Act current to 2026-06-17. <https://laws-lois.justice.gc.ca/eng/acts/i-3.3/section-180.2.html> (binuksan noong 2026-10-06)

9. Canada Revenue Agency, “T1213OAS Request to Reduce Old Age Security Recovery Tax at Source”, page modified 2026-09-03. <https://www.canada.ca/en/revenue-agency/services/forms-publications/forms/t1213oas.html> (binuksan noong 2026-10-06)

Ang OAS Guides ay isang malayang serbisyo ng impormasyon. Hindi kami bahagi ng, o konektado sa, Gobyerno ng Canada o Service Canada. Ang artikulong ito ay pangkalahatang impormasyon lamang, hindi payong legal o pinansyal. Hindi namin maipapangako ang anumang resulta ng isang aplikasyon o apela. Karaniwang nagbabago ang halaga ng mga benepisyo tuwing tatlong buwan; nakasaad sa artikulong ito ang petsa ng huli naming pagsusuri nito.